

MGA PAGPAPAHALAGA
PARA SA AKING PAMILYANG
MAY MAGANDANG UGALI

ANG MGA AKLAT NG BIBLIA

ANG MGA
AKLAT™
NG
BIBLIA
ANG BAGONG TIPAN

ANG BAGONG TIPAN

LECTIO DIVINA
PARA SA AKING PAMILYANG


Fundación Ramón Pané


May tulong ng:



PONTIFICIUM CONSILIUM
PRO FAMILIA



Ang Biblia sa Buhay ng
Komunidad™



ANG
MGA **AKLAT**[™]
NG **BIBLIA**
ANG BAGONG TIPAN

**LECTIO DIVINA
PARA SA AKING PAMILYANG**

Taglay ang pagpapala sa lahat ng pamilya,

Franciscus

Ang Paglikha, Buhay at Ganda,
na di nasugpo ng kamatayan at kasalanan,
kundi nabawi ng kamangha-manghang tagumpay ng Dios,

AYON SA INILALAHAD NG
BAGONG TIPAN
BIBLIA NG SAMBAYANYANG PILIPINO

LECTIO DIVINA
PARA SA AKING PAMILYANG



Fundación Ramón Pané

May tulong ng:



PONTIFICIUM CONSILIUM
PRO FAMILIA

ANG MGA AKLAT NG BIBLIA: LECTIO DIVINA PARA SA AKING PAMILYANG

© 2015 by Fundación Ramón Pané, Inc.

Used by Permission. All rights reserved worldwide.

Biblia ng Sambayanyang Pilipino

© 1990 by Bernardo Hurault

Used by Permission. All rights reserved worldwide.

Mga Pagpapahalaga para sa Aking Pamilyang may Magandang Ugali
and *Lectio Divina* materials

© 2015 by Fundación Ramón Pané, nc.

Used by Permission. All rights reserved worldwide.

Ang Biblia sa Buhay ng Komunidad

and *Ang mga Aklat ng Biblia: Ang Bagong Tipan* materials

© 2011 by Biblica, Inc.®

Used by Permission. All rights reserved worldwide.



Pangalan ng isa sa mga pinakadakilang bayani ng ebanghelisasyon sa Amerika ang taglay ng Pundasyong Ramon Pane (FRP). Itinatag ito noong 1994 bilang parangal at pag-aalaala kay Ramon Pane, na kinikilalang unang katekista at tagapag-ebanghelyo sa Amerika. Ang FRP ay internasyunal na samahan ng mga Katolikong naghahangad na tulongan lahat ng diyosesis, mga Komperensya ng mga Obispo, at mga kilusang pansimbahang Katoliko sa kanilang kateketiko, misionero at espirituwal na pagsasanay. Nasa Arsidiyosesis ng Tegucigalpa, Honduras, ang punong tanggapan ng FRP; may sangay din ito sa Arsidiyosesis ng Miami, USA. Para sa higit pang kaalaman tungkol sa aming mision at gawain, sumulat sa emailme@fundacionpane.org.



Bahagi ng “Claret Publishing Group” ang PBF at Claretian Publications. Mision at apostolado ng mga Misyonerong Claretiano ang CPG tungo sa pagtataguyod at pagpapasigla sa espirituwalidad na nakaugat sa Salita ng Diyos at sa buháy na tradisyon ng Simbahan bilang tugon sa mga pangangailangan, hamon at hinihingi ng apostolado ngayon.



Hatid ng Biblica ang Salita ng Diyos sa iba’t ibang wika upang magkaroon ng personal na relasyon kay Jesukristo ang mga tao at lumago sa kanya. Naglilingkod kami sa Afrika, Silangang Pacifico ng Asya, Europa, Latin Amerika, Gitnang Silangan/Hilagang Afrika, Hilagang Amerika at Silangang Asya. Isinalin namin at inilathala ang Biblia sa 100 pangunahing lengguwaheng sinasalita sa buong daigdig; kami rin ang nagtataguyod sa pagsasalín at palalathala ng Bibliang New International Version® (NIV®), ang pinakalaganap na salin sa Ingles sa buong mundo para sa kasalukuyang panahon.



PONTIFICIUM CONSILIUM
PRO FAMILIA

“Bukal ng buhay at espirituwalidad para sa pamilya ang Salita ng Diyos. Lahat ng gawaing pastoral para sa pamilya ay dapat na humubog sa kalooban ng mga miyembro ng simbhang pantahanan sa pagbasa ng Simbahan sa Banal na Kasulatan sa diwa ng panalangin. Hindi lamang magandang balita sa personal na buhay ang Salita ng Diyos kundi batayan din ito sa pagpapasya at tanglaw na pagtiyak sa iba’t ibang hamong kinakaharap ng mga mag-asawa at mga pamilya” (Relatio Synodi 34).

Malugod kong inaanyayahan ang bawat pamilya na alalahanin na bukal ng buhay, pagkakaisa at pagpapanibago ang Salita ng Diyos.

Taglay ng espesyal na edisyong ito ng Bagong Tipan, na isinaayos para sa kabuuang sulyap sa buhay ni Jesus at ng mga unang pamayanang Kristiyano ang lahat ng aklat ng Bagong Tipan ayon sa mga salaysay ng apat na Ebanghelista. Kalakip din dito ang mga tulong para sa paglectio divina ng buong pamilya upang patatagin ang pinakapuso ng mag-anak kung saan pinapanday ang mga pagpapahalaga at sinasanay ang mga miyembro sa magandang pag-uugali.

Nagpapasalamat ang Sangguniang Pontipikal para sa Pamilya sa Pundasyong Ramon Pane para sa gawaing ito sa iba’t ibang lengguwahe, taglay ang pagpapala ni Papa Francisco.

Dalangin ko sa Diyos na pagpalain niya ang proyektong ito at lahat ng miyembro ng mga pamilya sa kanilang pagbabasa at pagsasabuhay sa mga aral ni Jesus sa Bagong Tipan.

+ Vincenzo Paglia

† VINCENZO PAGLIA

Pangulo, Sangguniang Pontipikal para sa Pamilya